

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 5

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa kung paano gumawa ng tamang pagpapasya. Mula sa buhay ni Haring David ay matutuhan natin ang mga bagong aral kung paanong sundin ang Dios at malaman kung nasa tamang landas tayo na itinakda ng Dios para sa atin para pagdaanan o hindi natin.

“1 At nasabi ni David sa kaniyang sarili, Ako'y mamamatay isang araw sa kamay ni Saul: walang anomang bagay na mabuti sa akin kundi ang tumakas sa lupain ng mga Filisteo; at si Saul ay mawawalan ng pagasa tungkol sa akin, upang huwag na akong pag-usigin sa lahat ng mga hangganan ng Israel: sa gayo'y tatakas ako mula sa kaniyang kamay.” (1 Samuel 27:1 KJV) Tulad nang nauna nating napag usapan na si David ay pinahiran ng langis bilang hari ng Israel, ngunit siya ay sinundan at patuloy na pinagbantaan ni Saul, ang naunang pinahirang hari, na sirain ang kanyang buhay. Si David sa panggigipit na kinakaharap niya at sa banta na lilipulin siya araw araw ay naisip niya sa sarili na mabilis na makatakas mula kay Saul patungo sa lupain ng mga Filisteo. Sinabi ni David: ***“walang anomang bagay na mabuti sa akin kundi ang tumakas sa lupain ng mga Filisteo;”*** Naisip ni David, na ang makatakas siya ang pinakamainam na solusyon na ipinasiya niyang gawin; Tila sa kanya lohikal, makatwiran at mapagbigay at hindi sasalungatin, ngunit sa halip ay pinapaboran at suportado ng ilang mga punto, ngunit kalaunan ay pinatunayan nito ang kabaligtaran. **** Samakatuwid sa ating paggawa ng desisyon kailangan nating iwasan ang gayong uri ng tukso na sinusunod natin ang lohikal, makatwiran at mapagbigay ngunit nakaligtaan natin ang buong kalooban ng Dios. * Ilagay din sa iyong isipan na ang mabubuting kaisipan ay hindi palaging makaDios na mga kaisipan, kaya alamin iyon at iwasan ang masama.***

Naisip ni David sa kanyang sariling kaunawaan at sa kapangyarihan ng kanyang kaisipan; at iyon ang tukso ng marami at maaring para sa iyo, ngunit ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa susunod: ***“5 Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas. 7 Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata; matakot ka sa Panginoon, at humiwalay ka sa kasamaan:” (Kawikaan 3:5-7 KJV)*** Ang mga sumusunod na punto ay ang mga patibong, ang mga panlilinlang o ang mga pagkakamali ng lohikal at makatwirang pag iisip na maaari mong gamitin at matukso na gawin nang hindi lubos na umaasa sa Dios tulad ng ginawa ni David at bilang mga sumusunod:

1. Kung ikaw ay nasa ilalim ng banta ng unang bagay na kailangan na gawin upang protektahan ang iyon sarili at lumayo mula sa pinagmulan ng banta: Sinundan si David ni Saul na kumikilos kasama ang kanyang buong puwersa upang gawin iyon. Kaya nga si David na ayaw siyang harapin at makipaglaban sa kanya ay nagpasiyang lumayo sa kanya at tumakas sa lupain ng mga Filisteo. Ganito ang pagtatapos ni David: ***“at si Saul ay mawawalan ng pagasa tungkol sa akin, upang huwag na akong pag-usigin sa lahat ng mga hangganan ng Israel: sa gayo'y tatakas ako mula sa kaniyang kamay.”*** At tunay sa paraang iniisip niya ito'y nagawa gaya ng mababasa natin dito, ***“At nasaysay kay Saul na si David ay tumakas na napatungo sa Gath: at hindi na niya pinagusig siya uli.” (1 Samuel 27:4 KJV)*** Ang sa tingin mo ay maaaring tama at makatotohanan sa paraan ng pag iisip ng mga tao, ngunit maaaring hindi iyon kumakatawan sa kalooban ng Dios para sa iyong gawin ngayon. Tulad ng naalala natin noon na nagtanong si David sa Dios kung ligtas ba para sa kanya na pumunta at iligtas ang Keila at sinang ayunan iyon ng Panginoon sa kanya. ***Kaya ang pagiging nasa isang mapanganib na lugar, ay hindi nagbibigay katwiran sa iyong sariling desisyon na lumayo sa lugar na nais ng Dios na manatili ka.*** Ipaalala rin na si David ay sinabihan ng propeta ng Dios na manirahan sa Juda, ***“At sinabi ng propetang si Gad kay David, Huwag kang tumahan sa moog; ikaw ay yumaon at pumasok sa lupain ng Juda. Nang magkagayo'y yumaon si David, at pumasok sa gubat ng Hareth.” (1 Samuel 22:5 KJV)*** Dito si David sa kanyang desisyon na lisanin ang Israel at pumunta sa lupain ng mga Filisteo, hindi siya kinausap ng Dios upang gawin iyon, ni nagtanong man siya sa Dios; Ngunit siya'y nalinlang ng kanyang takot. ***Samakatuwid, maging napaka maingat sa paggawa ng ilang mga desisyon. Huwag tumalon sa konklusyon nang hindi naririnig mula sa Dios. “Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”***

2. Kapag nakatanggap ka ng pabor o pribilehiyo, at kaya iniisip mo na ikaw ay nasa tamang paraan: ***“2 At si David ay bumangon at lumipat, siya at ang anim na raang lalake na nasa kaniya, kay Achis na anak ni Maoch na hari sa Gath.” (1 Samuel 27:2)*** Tumanggap si David ng pagsang-ayon mula kay Haring Achis at nanirahan doon; hindi lang siya kundi ang kanyang mga tauhan at kasama ang kanilang pamilya, ***“3 At tumahan si David na kasama ni Achis sa Gath, siya at ang kaniyang mga lalake, bawa't lalake ay kasama ang kaniyang sangbahayan, sa makatuwid baga'y si David pati ng kaniyang dalawang asawa, si Ahinoam na taga Jezreel at si Abigail na taga Carmelo na asawa ni Nabal.” (1 Samuel 27:3)*** Tiyak na natuwa si David sa gayong pabor para sa kanya at sa kanyang mga tauhan mula kay Achis. ***Ang gayong pribilehiyo na natatanggap mo ay maaaring magpatunay sa iyo na ginagawa mo ang kalooban ng Dios. Ngunit sa kalauna'y makikita mo na ikaw ay nasa problema tulad ng makikita natin ang kinalabasan ng ginawa ni David.***

3. Kapag nakatanggap ka ng lingap at iniisip mo na ang Dios ang nagbibigay para sa iyo: Si David at ang kanyang mga tauhan ay tumanggap ng panustos mula kay Achis na nagbigay sa kanila ng hiwalay na tirahan sa lungsod ng Siclag. **“5 At sinabi ni David kay Achis, Kung gayo’y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, bigyan nila ako ng isang matatahanan sa isa sa mga bayan sa lupain, upang ako’y tumahan doon: sapagka’t bakit tatahan kasama mo ang iyong lingkod sa bayan ng hari? 6 Nang magkagayo’y ibinigay ni Achis sa kaniya ang Siclag nang araw na yaon: kaya’t ang Siclag ay nauukol sa mga hari sa Juda hanggang sa araw na ito.”** (1 Samuel 27:5-6 KJV) Ang dahilan kung bakit hiniling ni David sa hari na bigyan siya ng isa pang lugar upang manirahan hindi dahil siya ay nagpapakumbaba sa harap ni Achis, ngunit dahil ayaw niyang matuklasan ng hari ang kanyang tunay na pagkatao at kung ano ang kanyang ginagawa. **Maging may kamalayan sa panlililang na ito: Na kapag nakatanggap ka ng probisyon na tumutugon sa iyong mga pangangailangan na hindi nangangahulugan na ikaw ay ibinigay ng Dios at hindi ibig sabihin na ang pahayag na nagsabi, Kapag ang Dios ang gumabay Siya ang maglalaan, ay maaaring ilapat sa iyo.** Si David ay nagtataguyod ng kanyang pamumuhay doon sa pamamagitan ng paggawa ng mga ilegal na mga bagay sa lupain sa ilalim ni Haring Achis. Ang gayong mga mapagkukunan sa pamamagitan ng mga ilegal na paraan at pandaraya ay maaaring magbigay sa iyo ng pahiwatig na wala ka sa tamang landas na nais ng Dios na dumaan ka.

4. Katatagan sa parehong kondisyon para sa isang malaking tagal ng panahon, na maiisip mo na ikaw ay nasa tamang landas. Si David ay nanirahan doon sa loob ng magandang panahon, **“7 At ang bilang ng mga araw na itinahan ni David sa lupain ng mga Filisteo ay isang buong taon, at apat na buwan.”** (1 Samuel 27:7 KJV) Nagiging maayos na ang lahat, nagpatuloy ang kanyang ministeryo at maraming pagpapala at kita ang dumarating kay David at sa kanyang mga tauhan araw araw, **“8 At umahon si David at ang kaniyang mga lalake, at sinalakay ang mga Gesureo, at ang mga Gerzeo, at ang mga Amalecita; sapagka’t ang mga yaon ay dating nangananahan sa lupain, mula nang gaya ng kung ikaw ay paroroon sa Shur, hanggang sa lupain ng Egipto. 9 At sinaktan ni David ang lupain, at walang iniligtas na buhay kahit lalake o babae man, at dinala ang mga tupa at ang mga baka, at ang mga asno, at ang mga kamelyo, at ang mga kasuutan; at siya’y bumalik, at naparoon kay Achis.”** (1 Samuel 27:9) Tumatanggap sila ng maraming tupa, baka, asno, kamelyo, at damit. Sinasalakay din ni David ang mga bansang sinabi ng Dios na lipulin sila. Kaya maayos ang takbo ng ministeryo at masagana ang lahat para sa kanila. **Ngunit ang mga materyal na pagpapala at pagtaas sa ministeryo ay maaaring hindi nagpapatunay sa iyo na ang desisyon na iyong ginawa ay mula sa Dios o nalulugod sa Dios.**

Ngayon sa puntong ito ng lahat ng mga pagpapatunay na tila ang iniisip at napagpasyahan ni David ay tama at nagmula sa Dios. Ngunit patuloy nating basahin at tuklasin ang iba pang katotohanan:

5. Kapag nagsimula kang magsabi ng kasinungalingan para pagtakpan ang sarili mo at iniisip mo na ang ginagawa mo ay kalooban ng Dios. Nagsimulang magsinungaling si David at nagsimulang turuan ang kanyang mga tauhan na magsabi ng kasinungalingan: **“10 At sinabi ni Achis, Saan kayo sumalakay ngayon? At sinabi ni David, Laban sa Timugan ng Juda, at laban sa Timugan ng mga Jerameelūto, at laban sa Timugan ng mga Cineo. 11 At walang iniligtas na buhay si David kahit ng lalake o ng babae man, upang dalhin sa Gath, na sinasabi, Baka sila’y magsumbong laban sa atin, na sabihin, Ganoon ang ginawa ni David, at gayon ang kaniyang paraan sa buong panahon na kaniyang itinahan sa lupain ng mga Filisteo.”** (1 Samuel 27:1-11 KJV) Hindi masabi ni David na sinasalakay niya ang mga Filisteo. Mali ang impormasyong ibinigay ni David kay Haring Achis kaya hindi matutuklasan ang kanyang sitwasyon. Inilagay ni David ang kanyang sarili sa sitwasyong kailangan niyang magsinungaling araw-araw para maprotektahan ang kanyang sarili. **Ngayon totoo na hindi tayo dapat magbigay ng kaalaman sa kaaway, ngunit kailangan nating maging maingat na hindi natin dapat ilagay ang ating sarili sa maling sitwasyon upang hindi natin kailangang magsabi ng kasinungalingan. Ngunit muli ito ay kaduda duda, dahil tiyak na mga pagkakataon na inilagay tayo sa mga ganoong kalagayan na hindi natin maipahayag sa kaaway ang ating ginagawa at napipilitan tayong huwag ipahayag ang tunay na mga bagay.**

6. Kapag tayo’y alipin ng iba at iniisip natin ito’y kalooban ng Dios na tayo ay nasa ganoong sitwasyon. Nagpasya si Haring Achis na alipin si David habang buhay, **“12 At naniwala si Achis kay David, na nagsasabi, Kaniyang ginawa na ang kaniyang bayang Israel ay lubos na nakayayamot sa kaniya: kaya’t siya’y magiging aking lingkod magpakailan man.”** (1 Samuel 27:12 KJV) Dito si David dahil sa kasinungalingin niya kay haring Achish ay inilagay ang kanyang sarili sa ilalim ng pagkaalipin ng hindi mga mananampalataya. Mas matiis na nasa ilalim ng banta ni Haring Saul at hindi sa ilalim ng pagkaalipin ng mga hindi mananampalataya at sa kanilang pagkaalipin sa inyong buhay. Dito si David ay lubos na kontrolado ng mga di-mananampalataya; at kaya may ibang kapangyarihang kumontrol sa kanya kaysa sa pagiging nasa ilalim ng Dios.

Noong 2002 kinausap ako ng Dios na gawin ang ilang bagay, narinig ko ang Dios ngunit naantala ko ang pagsunod dahil ang hiniling niya sa akin ay may mukhang pangit at natatakot akong gawin dahil marami ang magsasabi ng masama dahil dito, ngunit kalaunan ay sumunod ako at ginawa. Ngayon, nagsisi ako na hindi ko

agad sinunod ang Dios dahil napagtanto ko ang sinabi Niya sa akin na gawin ang pinaka angkop para sa akin. **Ngunit natutunan ko ang aking aral, na susundin ko ang Dios at gagawin ang sinasabi Niya sa akin kahit na magalit sa akin ang lahat ng tao.**

Noong 2018, kailangan kong gumawa ng isang desisyon pagkatapos ng anim na buwan ng pag-aayuno; Sinunod ko ang Dios at ginawa ko ito. Ang desisyong iyon ay napakapangit na desisyon, marami ang namuhi sa akin nito at maging ang buhay ko'y nanganganib dahil sa masamang reaksiyon nila sa ginawa ko. Ngunit ngayon ang napagpasyahan at ginawa ko ay ang pinaka husto at mapalad na desisyon at nagpapasalamat ako sa Dios dahil ginawa ko ito.

Tumakbo si David papunta kay Achis dahil natatakot siya kay Saul na gustong patayin siya. Ngunit basahin pa natin upang matuklasan natin kung ano ang mga bunga na dumating kay David sa desisyon na ginawa niya nang magpasya siyang sumama at manirahan kasama ang kanyang mga asawa at ang mga lalaki kasama niya at ang kanilang mga pamilya, kasama si Achis, ***“1 At nangyari sa mga araw na yaon, na pinisan ng mga Filisteo ang kanilang mga hukbo sa pakikidigma upang lumaban sa Israel. At sinabi ni Achis kay David, Talastasin mong maigi na ikaw ay lalabas na kasama ko sa hukbo, ikaw at ang inyong mga lalake. 2 At sinabi ni David kay Achis, Kaya't iyong nalalaman kung anong gagawin ng iyong lingkod. At sinabi ni Achis kay David, Kaya't gagawin kitang bantay sa aking ulo magpakailan man.” (1 Samuel 28:1-2 KJV)*** Dito ang sitwasyong nangyari, tiyak na nagpapakita na nais alipinin ni Achis si David at ginawa siyang personal na bantay sa sinabi niya sa kanya, ***“Kaya't gagawin kitang bantay sa aking ulo magpakailan man.”*** Batid din ni David iyon gaya ng mababasa natin dito, ***“Kaya't iyong nalalaman kung anong gagawin ng iyong lingkod. At sinabi ni Achis kay David.”*** Sinabi ni David kay Achish na siya ang kanyang lingkod. Hindi man lang natuwa si David sa bagong pangyayari na tinawag siya ngayon na makipaglaban sa mga Filisteo laban sa Israel, ngunit hindi niya maipahayag ang kanyang sama ng loob laban doon, o tumangging pumunta, kung hindi man ay ilantad niya ang kanyang sarili sa kanila. Ngayon, si David at ang kanyang mga tauhan ay inilagay sa sitwasyon na sila ay tinawag na tumayo sa mga Filisteo upang labanan ang Israel at ang hukbo ng Israel. Tinawag sila upang labanan ang simbahan ng Dios. Kaya dito ngayon ay malinaw ang gulo na inilagay nila sa kanilang sarili. **Ganyan din kapag nagpasya ka sa sarili mo, at nahihikayat ka ng pabor at probisyon at ang iba pang mga bagay na dinadaya ka, ngunit sa kalauna'y matutuklasan mo ang problema na inilagay mo sa iyong sarili.**

Noong una hiniling nila sa Dios na bigyan sila ng Dios ng hari upang pamunuan niya sila at labanan ang kanilang mga digmaan laban sa kanilang mga kaaway; at isa sa kanilang pinakamatinding kaaway na kanilang kinakaharap at kinatatakutan ay ang mga Filisteo. Ngayon ay pinahiran si David bilang hari matapos utusan ni Saul na labanan ang pakikipaglaban ng Israel laban sa kanilang mga kaaway ng mas karaniwan ang mga Filisteo. Ngayon si David sa pagpapasyang ginawa niya upang protektahan ang kanyang sarili mula sa mga kamay ni Saul ay natagpuan ang kanyang sarili sa isang posisyon na siya ay naglilingkod sa diablo at laban sa Dios at laban sa Kanyang tungkulin at laban sa ipinagawa ng Dios sa kanyang ministeryo. At dito kung si David ay papasok sa labanang ito at lalaban sa Israel ay mawawalan siya ng karapatan sa pagiging hari ng Israel.

Sa ilang desisyon na ginagawa mo sa iyong buhay ito'y tila napaka lohikal at sa gayo'y makatotohanan, na ito ay magdadala ng maging magandang bunga sa simula, tulad ng napansin natin dito sa Haring David, ngunit sa ibang pagkakataon ito'y napatunayan na ang naturang desisyon ay ang mga kasinungalingan na diablo at pagkawasak ay darating sa iyong buhay.

Ang mabuting desisyon na iyong ginawa ay hindi isang mabuting desisyon dahil hindi ito mula sa Dios at hindi mo tinanong ang Dios tungkol dito, tulad ng ginawa ni David at ang pagkakamali na ikinulong niya ang kanyang sarili. **Umasa siya sa kanyang sariling mga saloobin at pag unawa.** Laging ginagamit ni David ang pagtatanong sa Dios bago ang anumang desisyon na ginagawa niya. Pumupunta siya sa pari at hiniling sa kanya na magtanong sa Dios para sa kanya. Ngunit sa desisyong ito ay nabigo siyang humingi sa kalooban ng Dios at hindi siya pumunta sa pari upang magtanong sa kanya sa pamamagitan ng Epod. Marami sa inyo ang gumagawa ng desisyon nang hindi nagtatanong nang wasto sa Dios at tinatanggap ang pagsang ayon ng simbahan na inilagay sa inyo ng Dios. **Marami sa inyo ang umuugnay sa inyong sariling plano at kaayusan nang hindi bumabalik sa Dios at sa atin bilang mga pinuno ng simbahan para sa pagtatanong at pagsang ayon ng Dios. Ayaw mong lumapit dahil ayaw mong makarinig sa amin, ‘Tigilan mo, Huwag mo itong gawin.’ Kaya naman napakaraming di pangkakaunawaan, problema at sakit sa puso ang pinagdadaanan mo.**

Naawa ang Dios kay David; Hindi niya siya pinayagan na sumama sa mga Filisteo upang labanan ang Israel, dahil kung gagawin iyon ni David, mawawala ang kanyang ministeryo at ang posisyon ng pagiging hari sa Israel. Naawa ang Dios kay David at iniligtas siya mula sa problemang ito na mag aalis sa kanya na maging hari. **Maaaring gamitin ng Dios ang mga tao, di mananampalataya o maging ang Kanyang simbahan upang pigilan ka sa paggawa ng mali. Huwag mong ituring na balakid iyan kundi awa ng Dios para iligtas ka sa malalaking problema. Dati ko nang pinigilan ang mga tao na gawin ang kanilang sariling kalooban, at nagalit sila at namuhi sa akin, ngunit kalauna'y pinatunayan nito na ang ginawa ko sa kanila ay ang tamang bagay.**

Basahin natin ang nangyari kalaunan kay David:

“1 Pinisan nga ng mga Filisteo ang lahat nilang hukbo sa Aphec: at ang mga taga Israel ay humantong sa bukal na nasa Jezreel. 2 At ang mga pangulo ng mga Filisteo ay nagdadaan na mga daan daan, at mga libolibo: at si David at ang kaniyang mga tao ay nagdadaan sa mga huli na kasama ni Achis. (Dito si David at ang kanyang mga tauhan ay pinilit na pumunta upang makipaglaban sa Israel. **Tingnan dito, paano ang desisyon na parang maganda dahil makatuwiran sa simula, paano ito magiging napaka marahas sa dulo dahil hindi ito nagmumula sa Dios.** Si David ay nasa napakasakit na kalagayan na tila siya ay nahuli. Kung siya’y susulong siya ay laban sa Dios at kung siya’y aatras ay matutuklasan at lilipulin siya ng mga Filisteo. Matigas ang ulo niya, dahil sinabihan siya ng propeta ng Dios na bumalik at manatili sa Juda ngunit iniwan niya ang Juda. Dito niya kailangan ang awa ng Dios upang mailigtas.) **3 Nang magkagayo’y sinabi ng mga prinsipe ng mga Filisteo, Ano ang mga Hebreong ito? At sumagot si Achis sa mga prinsipe ng mga Filisteo, Hindi ba ito ay si David na lingkod ni Saul na hari sa Israel na napasa akin ng mga araw na ito, o ng mga taong ito, at hindi ako nakasumpong ng anomang kakulangan sa kaniya mula nang siya’y lumapit sa akin hanggang sa araw na ito? 4 Nguni’t ang mga prinsipe ng mga Filisteo ay nagalit sa kaniya; at sinabi ng mga prinsipe ng mga Filisteo sa kaniya, Pabalikin mo ang taong iyan, upang siya’y bumalik sa kaniyang dako na iyong pinaglagyan sa kaniya, at huwag mong pababain na kasama natin sa pakikipagbaka, baka sa pagbabaka ay maging kaaway natin siya: sapagka’t paanong makikipagkasundo ito sa kaniyang panginoon? hindi ba sa pamamagitan ng mga ulo ng mga taong ito?** (Dito ipinakita ng Dios ang ang awa kay David nang tanggihan siya ng mga pinuno ng hukbo ng mga Filisteo na sumama sa kanila para sa digmaan, dahil hindi sila nagtiwala sa kanya, at ayaw niyang sumama siya sa kanila natatakot na susuportahan niya ang hukbo ng Dios. Sapagkat sinabi nila.) **5 Hindi ba ito ang David na siyang kanilang pinagaawitanan sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay ni Saul ang kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang laksalaksa?** Sila’y nagalit din kay Achis na dinala siya kasama niya at nagplanong gamitin siya bilang kanyang personal na bantay. Ang pangyayaring iyon ang nagligtas kay David mula sa pagkakasala laban sa Dios at iligtas siya mula sa pagkawala ng pagkahari na ibinigay ng Dios sa kanya.) **6 Nang magkagayo’y tinawag ni Achis si David, at sinabi sa kaniya, Buhay ang PANGINOON, ikaw ay matuwid, at ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok na kasama ko sa hukbo ay mabuti sa aking paningin: sapagka’t hindi ako nakasumpong ng kasamaan sa iyo mula sa araw ng iyong pagdating sa akin hanggang sa araw na ito: gayon ma’y hindi ka kinalulugdan ng mga pangulo. 7 Kaya’t ngayo’y ikaw ay bumalik at yumaong payapa, upang huwag kang kagalitan ng mga pangulo ng mga Filisteo.** (Ipinaliwanag dito ni Achis kay David na kailangan niyang bumalik sapagkat hindi siya tinanggap ng mga panginoon ng mga Filisteo.) **8 At sinabi ni David kay Achis, Nguni’t anong aking ginawa? at anong iyong nasumpungan sa iyong lingkod habang ako’y nasa sa harap mo hanggang sa araw na ito, upang ako’y huwag yumaon at lumaban sa mga kaaway ng aking panginoon na hari? 9 At sumagot si Achis, at sinabi kay David, Talastas ko na ikaw ay mabuti sa aking paningin, na gaya ng isang anghel ng Dios: gayon ma’y sinabi ng mga prinsipe ng mga Filisteo. Hindi siya aahon na kasama natin sa pakikipagbaka.** (Nagkunwari si David na masama ang loob niya sa desisyong iyon, ngunit tiyak sa loob niya siya ay napanatag at tiyak na napagtanto ang awa ng Dios at iyon ay iniligtas ng Dios ang kanyang buhay mula sa gayong kalamidad na ipinaloob niya ang kanyang sarili. Siya at ang kanyang mga tauhan ay napanatag mula sa pakikipaglaban laban sa kanilang mga kapatid.) **10 Kaya’t bumangon kang maaga sa kinaumagahan na kasama ng mga lingkod ng iyong panginoon na naparitong kasama mo; at pagbangon ninyong maaga sa kinaumagahan, at pagliliwanag ay yumaon kayo. 11 Sa gayo’y bumangong maaga si David, siya at ang kaniyang mga lalake, upang yumaon sa kinaumagahan, na bumalik sa lupain ng mga Filisteo. At ang mga Filisteo ay umahon sa Jezreel.”** (1 Samuel 29:1-11 KJV)

Sa huli siya at ang mga lalaking kasama niya ay ipinadala pabalik mula sa larangan ng digmaan. Ngunit hindi doon natapos ang ginawa niyang mali, hindi siya iiwan ng Dios ng ganyan, kundi didisiplinahin din Niya siya sa pagkakamali na ginawa niya.

Ngayon hayaan mo akong magsalita sa iyo. Ikaw ba ay nasa parehong sitwasyon at katayuan ng kalagayan ni David at ng kanyang mga tauhan? Mali ba ang ginawa mong pagkilos, at ngayon ay may problema ka at kailangan mong itama ang iyong sarili Maging mapagpakumbaba at magsisi at maging handang tanggapin ang iyong mga kasalanan at maling pagkilos. Kung hindi man ay maaari kang magpatuloy ngunit hindi na karapat dapat ang iyong sarili sa paglilingkod sa Dios, at makikita mo ang iyong sarili na nakikipaglaban sa Dios. Magpakumbaba, talikuran ang iyong kapalaluan, tanggapin ang iyong mga pagkakamali at magsisi sa iyong mga kasalanan at maling pagkilos at itama ang iyong sarili, upang ikaw ay maibalik pabalik para maglingkod sa Panginoon at sa ministeryo na inatasan Niya sa iyo.

Sa aking mahal at minamahal: Pagnilayan natin ngayon ang mensaheng natanggap natin at alamin kung talagang ginagawa natin ang mga bagay batay sa ating sariling pagkaunawa at pangangatwiran o natatakot tayo sa Dios at nakikinig sa Kanya at kumikilos matapos nating makatiyak sa Kanyang mga tagubilin. * **Huwag magpadaya sa mga materyal na pagpapala, maayos na pagproseso, o pasilidad, dahil ang lahat ng ito ay**

maaaring hindi mula sa Dios; Minsan kahit ang diablo ay nagbibigay ng materyal na mga bagay upang linlangin ka at akayin ka sa maling landas. * Kung umaasa ka sa sarili mong isip at karunungan kailangan mong magsisi at bumalik sa Dios at humingi ng payo sa Dios at sa Kanyang simbahan na inilagay ka ng Dios upang malinaw mong makita kung ano ang ipinapatnubay sa iyo ng Dios. * Ngayon habang inihahanda natin ang ating sarili para sa ikalawang pagparito ni Cristo, ang panahon para sa inyo ngayon na magsisi at hanapin ang Dios at ilagay ang inyong sarili sa tamang lugar na nais ng Dios na maging. Huwag ilagay ang inyong sarili sa ilalim ng mga di mananampalataya at payagan ang mga taong tulad ni Achis na alipinin ka.

Tayo ay manalangin.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na mensaheng ito na malinaw na nagpakita sa akin ng mga patibong, mga pagkakamali at mga panlilinlang ng diablo na maari akong sumalungat sa aking buhay at humantong sa akin na gumawa ng maling desisyon at gumawa maling hakbang.

Magsisi sa pamamagitan ng pagtalikod sa iyong mga kasalanan, maling desisyon at maling hakbang. Iwaksi ang iyong takot sa tao, talikuran ang iyong pag asa sa iyong sariling pang unawa at karunungan. Iwaksi ang iyong kamunduhan at ang iyong hindi pagpayag na magdusa. Talikuran na ginagawa mo ang iyong sariling kalooban at nagpapatuloy nang malaya palayo sa Dios at malayo sa Kanyang simbahan at malayo sa amin bilang iyong mga pinuno. Panginoon nagsisisi ako at tinatangghian ang mga sumusunod na kasalanan at mga pagkukulang _____

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na hanapin ka at magtanong mula sa iyo at sa iyong kalooban sa pagbubukas ng mga mga kaguluhan ko sa simbhang inilagay mo ako, Panginoon kaawaan mo ako gaya ng pagkaawa mo kay David at kunin ako mula sa sumusunod na mga kaguluhan na inilagay ko ang aking sarili _____.

Panginoon salamat sa lahat ng mga kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpakumbaba sa iyo at nagpakita ng kanilang kahandaang sumunod sa iyong mga tagubilin. Panginoon maawa ka sa kanila at ilabas mo sila sa gayong mga kaguluhan. Panginoon tustusan mo ang kanilang pangangailangan at tukungan sila sa kanilang buhay at suportahan sula na lumbas mula sa kanilang mga kaguluhan na ipinaloob nila ang kanilang sarili.

Panginoon pagpalain mo kami ng bilang isang simbahan at tulungan kaming patuloy na ituro at ipangaral ang iyong Salita at ang mga utos na ibinigay mo sa amin. Panginoon bigyan mo kami ng pagkilala at patnubayan mo kami lagi na gawin ang tamang pasya na naaayon sa iyong kalooban. Sinasalungat natin ang lahat ng gawain ng diablo at sinasaway namin ito sa pangalan ni Jesus. Panginoon protektahan mo kami at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo Panginoon puspun kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa ating buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag ebanghelyo, gumawa ng mga bagong disipulo, magsanay ng mga bagong manggagawa, at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilitas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 5. Maging may kamalayan sa paggawa ng maling pagpapasya. 1 Samuel 27:1-12. 1 Samuel 22:5. I Samuel 28:1-2. I Samuel 29:1-11.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com